



Alameda Alliance for Health

1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502

Numero ng Telepono: **510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

www.alamedaalliance.org

Welcome sa Alameda Alliance for Health Medi-Cal Program

Minamahal na Miyembro o Magulang/Tagapag-alaga:

Salamat sa pagpili sa Alameda Alliance for Health (Alliance) bilang planong pangkalusugan mo/ng iyong anak. Layunin naming tulungan ang mga miyembro na makuha ang pinakamagandang posibleng pangangalagang pangkalusugan. Pakibasa ang mga item sa packet na ito. Ipinapaalam sa iyo ng mga ito kung paano gumagana ang planong pangkalusugang ito. Matatanggap mo ang iyong member ID card sa ibang pagkakataon.

Mga bagay na kailangan mong gawin ngayong buwan:

1. Pumili ng doktor.

Nais naming ikaw ang pumili ng iyong doktor. Gayunpaman, kung hindi ka pipili ng doktor sa katapusan ng buwan, ang Alliance ang pipili para sa iyo. Pakitawagan ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **510.747.4567** at sabihin sa amin kung aling doktor ang pinili mo.

Mahalaga: Hindi mo kailangang pumili ng doktor mula sa Alliance Medi-Cal kung mayroon kang Medicare. Maaari mong piliin ang sinumang gusto mo.

2. Magpaiskedyul ng well exam sa iyong doktor.

Puntahan ang iyong doktor o doktor ng iyong anak sa loob ng **120 araw** mula nang maging miyembro. Kailangan ng mga babaeng buntis ng maaga at madalas na pangangalaga. Tawagan ang iyong doktor para malaman kung kailan ka dapat magpatingin.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong plano, pakitawagan ang:

Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

Makatipid ng Oras – Gamitin ang Portal ng Miyembro 24/7

Piliin ang iyong doktor, mag-order o mag-print ng bagong ID card, i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at makakuha ng iba pang serbisyo. Mag-sign up sa www.alamedaalliance.org para magawa ang iyong pag-log in at account ng miyembro.

Sana'y Mabuti ang Iyong Kalusugan,
Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbasa ng dokumentong ito, mangyaring tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **510.747.4567**.

Si necesita ayuda para leer este documento, llame al Departamento de Servicios al Miembro de Alliance al **510.747.4567**.

假如您看不懂本文件，需要協助或其他語文版本，請致電Alliance成員服務部，電話**510.747.4567**。
Nếu quý vị cần giúp đỡ đọc tài liệu này, xin gọi Ban Dịch Vụ Hội Viên Alliance tại số **510.747.4567**.